Magkano ang Halaga ng Insurance ng Nangungupahan (Tenant Insurance)?

Depende ito sa kung anong uri ng insurance ng nangungupahan ang makukuha mo. Ang mga gastos ay maaaring mula sa S15-S40/buwan.

Ang pangunahing patakaran ay dapat kabilang ang parehong saklaw ng Pananagutan at Mga Nilalaman. Kung gusto mong magdagdag ng saklaw para sa Mga Karagdagang Gastos sa Pamumuhay, maaari nitong mapataas ang mga gastos.

Tandaan: Oo, ang insurance sa nangungupahan ay isang karagdagang gastos, ngunit maaari kang makatipid ng mas malaking pera kung makaranas ka ng pagkawala ng mga ari-arian o kung kailangan mong pansamantalang lumipat dahil sa mga pinsala mula sa baha/sunog/amag/at iba pa.

Saan ako makakakuha ng Insurance ng Nangungupahan (Tenant Insurance)?

Maraming broker ng insurance na nag-aalok ng insurance ng nagungupahan o tenant insurance. Ang pinakamahusay na paraan upang maghanap ng mga kumpanya ay ang simpleng pag-google, 'mga kompanya ng insurance sa nangungupahan sa Manitoba' o 'tenant insurance companies Manitoba'.

MANSO
MANITOBA ASSOCIATION OF NEWCOMER SERVING ORGANIZATIONS

Produced by the MANSO housing committee
January 2022

A version of this brochure suitable for printing and sharing is available at www.mansomanitoba.ca

Mga Pangunahing Kaalaman sa Insurance ng Nangungupahan

Ano ang Insurance ng Nangungupahan (Tenant Insurance)?

Sinasaklaw ka ng Insurance ng Nangungupahan para sa pagkawala ng iyong mga ari-arian sa kaganapan ng pagnanakaw, pinsala, pisikal na pinsala sa iba o pinsala sa ari-arian kung saan ikaw o ang iyong mga bisita ang may kasalanan.

Sinasaklaw ng Insuranceng Nangungupahan ang 2 pangunahing bagay:
Pananagutan - kung ikaw o ang mga bisita ay may kasalanan para sa mga pinsala
Mga Nilalaman - pagpapalit o pagkukumpuni ng nawala o napinsalang mga ari-arian

BAKIT MAAARING KAILANGANIN MO ITO

- kung ikaw ay nangungupahan ng anumang uri ng lugar
- kung nawala mo ang alinman sa iyong mga mahahalagang bagay dahil sa pagnanakaw/pinsala at hindi mo kayang palitan ang mga ito
- kung napipilitan kang umalis sa iyong inuupahang bahay dahil sa sunog/pinsala, at kailangan mo ng pera upang magbayad para sa pansamantalang pabahay
- upang magbayad para sa mga legal na bayarin kung ikaw ay idinemanda para sa personal o pinsala sa ari-arian na dulot mo

MGA KATHANG-ISIP TUNGKOL SA INSURANCE NG UMUUPA

SAKLAW AKO NG INSURANCE NG AKING LANDLORD

Hindi. Sinasaklaw ng patakaran ng iyong landlord ang pinsala sa gusali - hindi ang mga personal na pag-aari ng mga nangungupahan. Kung may sunog, ang gusali ay naka-insure ngunit ang lahat ng iyong mga gamit ay hindi.

HINDI KO KAILANGAN ANG INSURANCE NA IYON DAHIL WALA AKONG MARAMING GAMIT

Karamihan sa mga tao ay hindi nauunawaan ang halaga ng mga bagay na kanilang pagmamay-ari - o kung magkano ang magagastos upang palitan ang LAHAT.

ANG INSURANCE SA NANGUNGUPAHAN AY LAGING KINAKAILANGAN

Hindi. Ngunit kung minsan, ang ilang mga landlord ay nangangailangan nito, kaya't mabuting alamin muna sa landlord bago pumirma ng contrata. Maraming mga landlord ang hindi nangangailangan nito, kaya't and nangungupahan ay bahalang magpasya kung siya ay bibili nito o hindi.

MGA KATHANG-ISIP TUNGKOL SA INSURANCE NG UMUUPA

KUNG MAPIPILITAN AKONG LUMIPAT DAHIL SA PINSALA, SASAGUTIN NG AKING LANDLORD ANG AKING MGA GASTOS

Kung kailangan mong pansamantalang umalis habang inaayos ang iyong unit, walang pananagutan ang iyong landlord sa mga karagdagang gastos tulad ng pamamalagi sa hotel. Maaaring sakupin ng insurance ng nangungupahan ang iyong mga ari-arian at ang mga gastos sa pansamantalang relokasyon.

RENTER LANG AKO - HINDI KO RESPONSIBILIDAD ANG PINSALA SA UNIT

Mali! Pananagutan mo ang may-ari kung magdulot ka ng pinsala. Halimbawa, kung iiwan mo ang tubig na umaagos at magdulot ng baha, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pagkukumpuni.